California English Language Development Test

CELDT 2009–10 EDISYON

GABAY SA PALIWANAG SA RESULTA NG PAGSUSULIT

Ang gabay na ito ay idinisenyo upang magbigay ng pangkalahatang impormasyon tungkol sa Pagsusulit ng California sa Pagpapa-unlad ng Wikang Ingles (California English Language Development Test o CELDT), at maikling pagsasalarawan kung paano inuulat ang mga resulta, at ano ang ibig sabihin ng mga resultang ito.

Format ng Pagsusulit

Ang CELDT ay hinihingi ng batas ng California upang malaman ang kahusayan sa wikang Ingles (English language proficiency) ng lahat ng mag-aaral na may pangunahing wika na bukod pa sa Ingles. Ang pagsusulit ay alinsunod sa mga pamantayan ng Pagpapaunlad ng Wikang Ingles (English Language Development) na inaprobahan ng Pang-estadong Lupon ng Edukasyon (State Board of Education). Ang karagdagang impormasyon ay matatagpuan sa website ng Kagawaran ng Edukasyon ng California (California Department of Education), http://www.cde.ca.gov/ta/tg/el/

Ang CELDT ay sumusukat sa kahusayan ng kasanayan sa wikang Ingles ng isang mag-aaral sa mga sumusunod na larangan:

- **Pakikinig**
- **Pagsasalita**
- **Pagbabasa**
- **Pagsusulat**

Kasama sa larangan ng Pakikinig ang mga sumusunod na bahagi ng pagsusulit:

- **Pagsunod sa mga Pasalitang Panuto:** pagtugon sa mga tagubilin
- **Salitang Guro:** pag-unawa sa sinabing impormasyon sa mga akademikong kapaligiran
- **Pinahabang Pag-unawa sa Napakinggan:** pagsagot sa mga tanong tungkol sa isang maikling kuwento
- **Pagririma (K-2 lamang):** paggawa ng mga salita na magkarima (rhyme) sa mga salitang ibinigay

Kasama sa larangan ng Pagsasalita ang mga sumusunod na bahagi ng pagsusulit:

- **Pasalitang Bokabularyo:** pag-alam kung paano gamitin ang mga pangalan ng mga pangngalan, aksiyon
- **Mga Gamit ng Pagsasalita:** ang paggamit ng wika upang tumugon sa partikular na mga gawain
- **Pumili at Magbigay ng Mga Dahilan:** paghahayag ng pagtatangi at pagbibigay ng dalawang dahilan
- **4 na Larawang Pagsasalaysay:** pagkukuwento batay sa isang serye ng larawan

Kasama sa larangan ng Pagbabasa ang mga sumusunod na bahagi ng pagsusulit:

Pagsusuri ng Salita: mga tularan (pattern) at balangkas ng mga salita
Pagkamatatas at Bokabularyo: paggamit ng maraming kahulugang salita
Pag-unawa sa Binasa: mga katotohanan, hinuha, at kritikal na pagsusuri sa akdang kathang-isip at hindi kathang-isip

Kasama sa larangan ng Pagsusulat ang mga sumusunod na bahagi ng pagsusulit:

Balarila at Balangkas: paggamit ng Karaniwang Ingles na pambalarilang balangkas at mga kalakaran sa pagsusulat
Pagsulat ng mga Pangungusap: pagbuo ng mga pangungusap sa mga partikular na paksa
Pagsulat ng Maiikling Komposisyon: pagsulat ng maiikling komposisyon sa mga partikular na paksa

Mga Puntos sa Pagsusulit

Kasama ng iba pang impormasyon sa paaralan at pagkakamit, ang CELDT ay isang sukatan na ginagamit ng mga guro upang makapagpasya tungkol sa pag-uuri ng mga nag-aaral ng Ingles.

Ang mga puntos ay inuri sa limang antas ng kahusayan sa pagsusulit: Nagsisimula (Beginning), May Pagka-sanay (Early Intermediate), Sanay (Intermediate), May Pagka-bihasa (Early Advanced), at Bihasa (Advanced).

Ang magkakahiwalay na puntos ay inaalam para sa mga larangan ng Pakikinig, Pagsasalita, Pagbabasa at Pagsusulat. Ang mga puntos na ito ay pinagsasama-sama upang makapagbigay ng Kabuuang puntos at puntos sa Pag-unawa gamit ang mga sumusunod na tuntunin:

Kabuuang puntos = (0.25 X Puntos sa pakikinig) + (0.25 X Puntos sa pagsasalita) + (0.25 X Puntos sa pagbabasa) + (0.25 X Puntos sa pagsusulat)

Puntos sa pag-intindi = (0.50 X Puntos sa pakikinig) + (0.50 X Puntos sa pagbabasa)

Ang Ulat sa Antas ng Kahusayan ng Mag-aaral (Student Performance Level Report) ay ipinakikita ang antas ng kahusayan sa wikang Ingles sa bawat bahagi ng mga larangan at ang kabuuang antas ng kahusayan. Kabilang din dito ang puntos sa Pag-unawa. Ipinapamalas ng halimbawang ulat sa ibaba kung paano ipinapakita ang impormasyon.



A – Pangalan at baiting ng mag-aaral
B – Layunun ng ulat
C – Impormasyon sa distrito at paaralan
D – Mga Antas ng Kahusayan sa CELDT
E – Mga Larangan na tinasahan ng CELDT
F – Antas na Puntos para sa bawat Larangan at Kabuuan
G – Paano Basahin ang Ulat n alto

Mga Kahulugan ng Antas ng Kahusayan

Ang sumusunod ay mga pangkalahatang paglalarawan ng mga kasanayan ng mga mag-aaral sa bawat antas ng kahusayan.

Pansinin na ang mga paglalarawan sa antas ng kahusayan ay nakasulat mula sa antas na nagsisimula hanggang sa bihasa at ang bawat antas na iyan ay dumadagdag sa naunang antas. Ang paglilinang sa wikang Ingles ng indibidwal na mag-aaral ay maaaring markahan ng mga panahon ng mabilis o mabagal na pag-unlad, mga pag-urong ng progreso, pagkakaroon ng mga patag sa wika, at walang kapantay na pag-unlad sa mga larangan ng Pakikinig, Pagsasalita, Pagbabasa, at Pagsusulat. Sa bawat antas, ang nag-aaral ng Ingles ay patuloy na nagpapalawak ng kanyang panlipunan at pangakademikong bokabularyo at ang kanyang kakayahang mapag-aralan ang nilalaman sa antas ng baitang na ibinigay sa di-binagong Ingles.

Nagsisimula (Beginning)

Ang mga mag-aaral sa antas ng kahusayan na ito sa wikang Ingles ay maaaring magpakita ng bahagya o walang katanggap-tanggap o produktibong mga kasanayan sa Ingles. Nagsisimula silang umunawa ng ilang kongkretong detalye sa panahon ng di-binagong pagtuturo. Maaari silang makatugon sa ilang pangangailangan sa komunikasyon at pag-aaral, ngunit marami ang mali. Ang pasalita at nakasulat na pag-aakda ay karaniwang limitado sa mga di-konektadong salita at mga sinaulong pahayag at tanong. Ang madalas na pagkakamali ay nagpapahirap sa komunikasyon.

May Pagka-sanay (Early Intermediate)

Ang mga mag-aaral sa antas na ito ng kahusayan sa wikang Ingles ay patuloy na naglilinang ng mga katanggap-tanggap at produktibong kasanayan sa Ingles. Natutukoy at nauunawaan nila ang mga higit na kongkretong detalye sa panahon ng di-binagong pagtuturo. Maaari silang makatugon ng mas madali sa mas naiibang mga pangangailangan sa komunikasyon at pag-aaral na mas kaunti ang bilang ng mali. Ang pasalita at nakasulat na pag-aakda ay karaniwang limitado sa mga pararila at mga isinaulong pahayag at tanong. Ang madalas na pagkakamali ay nagpapahirap pa rin sa komunikasyon.

Sanay (Intermediate)

Ang mga mag-aaral sa antas na ito ng kahusayan sa wikang Ingles ay nag-uumpisang ipasadya ang wikang Ingles upang matugunan ang mga pangangailangan sa komunikasyon at pag-aaral na mas kaunti ang mali. Natutukoy at nauunawaan nila ang mga higit na kongkretong detalye at ilang pangunahing mahirap maunawaan na konsepto sa panahon ng di-binagong pagtuturo. Mas madali silang nakakatugon sa mas naiibang pangangailangan sa komunikasyon at pag-aaral na mas kaunti ang mali. Ang pasalita at nakasulat na pag-aakda ay karaniwang pinalawak sa mga pangungusap, talata, at mga orihinal na pahayag at tanong. Ang pagkakamali ay nagpapahirap pa rin sa komunikasyon.

May Pagka-bihasa (Early Advanced)

Ang mga mag-aaral sa antas na ito ng kahusayan sa wikang Ingles ay nagsisimulang pagsama-samahin ang mga elemento ng wikang Ingles sa mga kumplikado, batid na mahihirap na kalagayan at nagagamit ang Ingles bilang isang paraan sa pag-aaral sa mga larangang akademiko. Natutukoy at napaglalagom nila ang mga pinaka-kongkretong detalye at mahirap maunawaan na konsepto sa panahon ng di-binagong pagtuturo sa karamihan ng mga larangang akademiko. Ang pasalita at nakasulat na pag-aakda ay nailalarawan ng detalyadong pagpapahayag at ganap ang pagkakabuo na mga talata at komposisyon. Ang mga pagkakamali ay hindi gaanong madalas at bibihirang nagpapahirap sa komunikasyon.

Bihasa (Advanced)

Ang mga mag-aaral sa antas na ito ng kahusayan sa wikang Ingles ay mabisang nakikipag-usap sa iba't-ibang tagapakinig sa malalawak na kilala at bagong paksa upang matugunan ang mga pangangailangang panlipunan at sa pag-aaral. Upang makamit ang antas ng kahusayan sa wikang Ingles ng kanilang mga katutubong kauri na nagsasalita ng Ingles, ang higit na pagdaragdag at pagpipino sa pag-aaral ng wika ay kinakailangan pa rin. Natutukoy at napaglalagom nila ang mga kongkretong detalye at mahirap maunawaan na konsepto sa panahon ng di-binagong pagtuturo sa lahat ng larangang akademiko. Ang pasalita at nakasulat na pag-aakda ay naglalarawan ng pagpapahayan na angkop sa mga larangang akademiko. Ang pagkakamali ay bihira at hindi nagpapabawas sa komunikasyon.

PAUNAWA: Para sa layuning ng pag-sunod sa NCLB, ang puntos sa pag-unawa ay batay sa kalahatan ng mga puntos para sa Pakikinig at Pagbabasa na mga larangan sa pagsusulit.